

Modyul para sa Seminar sa
Pangkalahatang Oryentasyon at Tungkulin o

General Orientation and Tasks Seminar (**GOTS**)

League of Filipino Students

www.lfs.ph

lfphilippines@yahoo.com

November 2007



*Inamyendahan at pinagtibay ng
Ika-16 na Pambansang Kongreso
Oktubre 21-25, 2007,
Barotac Viejo, Iloilo*

Modyul para sa Seminar sa Pangkalahatang Oryentasyon at Tungkulin o General Orientation and Tasks Seminar (GOTS)

Ang oryentasyon ay regular na inilulunsad ng isang balangay ng LFS sa mga bagong kasapi nito. Bukod sa mga indibidwal na pagpapaliwanag at oryentasyon, inilulunsad din ito ng balangay bilang aktibidad pang-organisasyon sa mga layuning:

1. Magkakilanlan ang mga kasapi (bago at luma) ng balangay na kapapalooban at maunawaan ang kahalagahan ng sama-sama nilang pagkilos;
2. Magkaroon ng pag-unawa sa LFS, kasaysayan at tradisyon nito, mga prinsipyo at paninindigan nito, kaibahan nito sa ibang organisasyon ng kabataan, at kabuluhan nito sa kabataan at mamamayan;
3. Magkaroon ng panimulang pag-unawa sa malakolonyal at malapyudal na lipunan at ugat nito;
4. Manindigan para sa pambansang demokrasya bilang sagot sa kalagayan ng lipunan at maintindihan ang papel ng kabataan sa pagsusulong nito;
5. Maunawaan ang mga saligang tungkulin at karapatan ng kasapi ng balangay at maging handang mag-ambag para sa pagkilos nito; at
6. Makapagbuo ng inisyal na plano kung paano kikilos ang balangay at ang
7. indibidwal bilang kasapi nito. Kung may plano na, mapalahok dito ang mga
8. bagong kasapi.

Tinitiyak ng balangay na lahat ng mga kasapi ay mabigyan ng oryentasyon. Pinaghahandaan ito ng maigi, mula sa pagpapatawag ng pulong para sa pagkonsulta sa mga kasapi kung kailan idaraos ang oryentasyon, sa pagpapatid sa mga kasapi at pagtiyak ng kanilang pagdalo, hatian at pamamaraan ng pagtatalakay, hanggang sa usaping teknikal tulad ng lugar na pagdarausan, pagkain ng mga kasapi, at iba pa. Mahalaga ito para sa mahigpit na pagkakaisa at kosolidasyon ng organisasyon

VI. PANUNUMPA

Gawin sa harapan ng bandila ng LFS. Itaas ang kaliwang kamao at manumpa.

Ako si _____ ay angpapahayag ng aking kahandaan sa masigasig na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng kabataan at estudyante para sa kanilang demokratikong karapatan at kahilingan at sasanib sa Pambansa Demokratikong Pakikibaka ng masang anakpawis.

Babagtas ako sa militanteng landas ng Pambansa Demokratikong Pakikibaka na may sosyalistang perspektiba upang wakasan ang sistemang mala-kolonyal at mala-pyudal na pinaghaharian ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Itataguyod ko nang lubos ang lahat ng aping mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo.

Papandayin ko ang aking sarili bilang aktibista para sa masa. Masikhay akong mag-aaral ng lipunang Pilipino. maninindigan ako laban sa rebisyunismo at oportunismo. Sumusumpa ako na itataguyod ang simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Magiging mapagkumbaba, matututo at sasanib sa masang anakpawis.

Sa alaala ng lahat ng mga kabataang martir at bayani, itataguyod ko ang sumpang ito sa lahat ng panahon at pagkakataon, buhay ko man ay ialay alang-alang sa mamamayan.

Mungkahing maglunsad ng iba pang mga aktibidad para sa mga bagong kasapi. Magkaroon ng cultural night, o iba pang mga induction activities. ###

organisasyon sa mga aktibidad para sa pagpapaunlad ng sarili.

6. Regular na maglunsad ng pagtatasa, kritisismo, at kritisismo sa sarili; at
7. Regular na magbayad ng butaw.

Ipaliwanag ang demokratikong sentralismo bilang prinsipyo sa organisasyon. Paano nagpapasya ang balangay at paano nagpapakilos ng mga kasapi?

Ilahad ng tagapangulo ng balangay ang partikular na hitsura ng kanilang balangay. Kailan itinatag ang balangay? Ano ang mga aktibidad at mga pakikibakang nilahukan at inilunsad ng balangay?

Ipaliwanag ang General Assembly. Tuwing kailan ito inilulunsad ng balangay? Kailan ang huli?

Sino ang mga kasapi ng ExeCom? Ano ang tungkulin ng bawat isa? Kailan huling nagkaroon ng halalan? Ano ano ang mga komiteng nakatayo? Ano ang mga tungkulin nito? Sino-sino ang mga kasapi nito?

VI. PAGPLAPLANO (20 minuto)

A. Para sa balangay na bubuun pa lamang

Kaagad na ipuwesto ang Pangkalahatang Asembliya ng Pagkakatatag ng balangay at kumpletuhin ang mga rekisito ng pagtatatag ng balangay.

b. Para sa balangay na buo na kapag kakatapos lamang ng General Assembly

ilahad ang plano ng balangay at ipaloob ang mga bagong kasapi ng balangay sa mga komiteng magtitiyak nito

sa mga prinsipyo at paninindigan nito.

Ang modyul na ito ay pinag-aralan at pinagkaisahan ng Ika-16 na kongreso ng LFS mula sa nauna nang isinulat ng LFS-Highschool upang maging gabay sa mga namumuno at magiging facilitator sa mga balangay para sa aktwal na paglulusad ng oryentasyon. Inilabas ito para mas maging sistematiko at masinsin ang pagbibigay ng oryentasyon sa mga kasapi. May mga mungkahi ring pamamaraan ng pagtatalakay. Gayunpaman, inaaasahang payayamanin pa ito ng mga kasama sa aktwal na paglulusad. Hinihikayat rin ang pagsalin nito sa lokal na lengwahe ng balangay para lalo pang mapadali ang pagtatalakay at pag-unawa ng mga kasapi.

Nahahati ito sa pitong bahagi:

- I. Introduksyon: Pagkikilanlan at kahalagahan ng organisasyon at sama-samang pagkilos
- II. Ang League of Filipino Students
- III. Malakolonyal at Malapyudal ang Lipunang Pilipino
- IV. Ang Pambansa Demokratikong Pakikibaka at Programa
- V. Ang Balangay at Kasapi
- VI. Pagpapalano
- VII. Panunumpa

Tinataya itong matatapos sa loob ng tatlong oras kung susundin ang mga mungkahing tagal sa bawat paksa at magiging masinop sa oras.

I. INTRODUKSYON: Pagkikilanlan, kahalagahan ng organisasyon at sama-samang pagkilos (15min)

Layunin

1. Magkikilanlan ang mga kasapi ng balangay at malaman ng facilitator ang mga inaasahan ng bawat isa sa oryentasyon at sa isang organisasyon.
2. Maunawaan ng mga kasapi ang kahalagahan ng pagbubuo ng isang organisasyon at sama-samang pagkilos.

A. Pagkikilanlan

Mahalaga sa isang organisasyon ang mahigpit ang pagkakaisa at pag-uunawaan ng mga kasapi nito. Lalo na sa progresibong organisasyon tulad ng LFS, kung saan tayo ay nagbibigkis para sa iisang layunin at mahigpit na nagkakaisa sa prinsipyo at paninindigan, dapat ay mahigpit ang pagkikilanlan, pag-uunawaan, at pagkakaisa ng mga kasapi.

Aktibiti: Pagkikilanlan

Magkaroon ng iba't ibang pamamaraan ang mga kasapi kung paano magpapakilanlan,

tantyahin sa kahandaan at sigla ng mga kasapi kung maaaring maglunsad ng mga aktibidad.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong hinggil sa mga kasapi:

Ano ang pangalan? Anung year at seksyon? Saan nag-aaral o nakatira? Kailan sumali sa LFS? Ano ang dahilan ng pagsali? Ano ang inaasahan sa organisasyon at mga kapwa kasapi? May iba pa bang organisasyon na kinapapalooban?

Ano ang mga hilig, talento at kasanayan na maaaring i-ambag sa organisasyon? Ano ang inaasahan sa oryentasyong ito? Iba pang impormasyon tungkol sa sarili.

Pagkatapos nito ay inaasahang magkaroon na ng inisyal na pagkilala ang facilitator sa mga kasapi at mababalanse na kung paano padadaluyin ang talakayan. Matutukoy kung sino ang relatibong abante sa grupo at kung ano pa ang mga katangian. Makukuha din ang mga inaasahan ng mga kasapi sa talakayan.

B. Kahalagahan ng organisasyon at sama-samang pagkilos

Sasagutin sa bahaging ito kung bakit kailangang magbuo ng organisasyon at bakit kailangang pumaloob ang mga kasapi. Pinag-iiba din dito ang LFS sa ibang mga organisasyong hindi nagbibikis para sa prinsipyo at para sa lamang sa barkadahan at sariling mga interes.

Maaaring tanungin isa-isa ang mga kasapi kung bakit sa kanilang tingin mahalaga ang organisasyon at sama-samang pagkilos. Mula sa mga sagot ay simulan ang talakayan. Maaari ring simulan sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa ng matatagumpay na sama-samang pagkilos ng mamamayan.

Ang mga organisasyon at sama-samang pagkilos ang tanging sandata ng mamamayan at kung gayon ng kabataan laban sa atake ng uring nagsasamantala, kasangkapan ang estado, sa karapatan, at kabuhayan ng mamamayan. Pinatunayan ito ng kasaysayan na sa tuwing nagbibigkis ang mamamayan at sama-samang kumikilos, ay nakakamit ang mga makabuluhang pagbabago sa lipunan at gayundin, naipagtatanggol ang kanilang mga karapatan at interes.

Ang mga welga, mga kilos protesta, mga pag-aalsa at rebolusyon, ay mga halimbawa ng mga sama-samang pagkilos ng mamamayan na lumilikha ng mga makabuluhang pagbabago sa lipunan.

Sa panahon ngayon na batabat ng krisis ang lipunan at patuloy ang pag-atake ng gobyerno at ng mga uring nagsasamantala sa kabataan at mamamayan, kailangan magtayo ng mga matatag na organisasyong masa ang kabataan at mamamayan at sama-samang kumilos at labanan ang pagsasamantala at kawalang-katarungan

pagkilos at pakikibaka ng mamamayan;

6. Palakasin ang mga balangay sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga aktibistang masa, pagpapalawak ng kasapiang at pagtataguyod sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Aktibong mag-ambag sa pagbubuo ng mga balangay sa ibang paaralan at palawakin ang suporta ng masa sa organisasyon;
7. Isakatuparan ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan at rebolusyonaryong pagpapanibagong hubog sa pamamagitan ng pakikipag-aralan at pakikipamuhay sa batayang masa at paglahok sa kanilang pakikibaka;
8. Magpasulpot ng pinansya at rekurso para sa balangay, organisasyon at pambansa demokratikong kilusan. Magbayad ng mga karampatang butaw sa nakatataas na organo at pambansang organisasyon.

Mga karapatan at prebilehiyo ng kasapi:

1. Malayang lumahok sa lahat ng mga pulong ng balangay na kanyang kinabibilangan at katawanin ng isang delegadong malayang pinili ng kanyang balangay sa mas malawak na mga asembliya ng LFS;
2. Malaman ng buo ang dahilan sa mga polisiya, programa, proyekto at aksyong ipinapatupad ng pambansa, pangrehiyon at lokal na balangay at iba pang nangungunang organo ng organisasyon;
3. Magmungkahi ng mga pagbabago sa nakatalang adyenda ng mga pulong at asembliya;
4. Maghalal at maihalal sa posisyon;
5. Bumoto pabor sa pagtanggap ng resolusyon, programa at polisiya ng balangay na kanyang kinabibilangan;
6. Magkaroon ng taliwas na boto at mairekord ang dahilan nito;
7. Maghapag ng suhestiyon, komento, at kritisismo sa anumang yunit, komite at organo ng LFS;
8. Iapila ang anumang desisyon o polisiya sa mas nakatataas na organo ng organisasyon; at
9. Magresayn bilang kasapi ng LFS.

Mga tungkulin at responsibilidad ng kasapi:

1. Itaguyod at sumunod sa konstitusyon ng organisasyon;
2. Sumunod sa mga polisiya, desisyon, at regulasyon ng organisasyon;
3. Maging kasapi ng isang balangay at aktibong lumahok sa mga pulong nito;
4. Gumanap ng aktibong papel sa pagpapatupad ng mga programa, proyekto, at aksyon ng LFS at ng mga balangay nito;
5. Palalimin ang pag-unawa sa pambansa demokratikong prinsipyo ng

4. Itaguyod at ipaglaban ang mga partikular na demokratikong karapatan, kagalingan at kahilingan ng masang kabataang estudyante. Ipaglaban ang makabayan, siyentipiko, at maka-masang edukasyon.
5. Buklurin ang libo-libong kabataan at estudyante sa mga balangay ng LFS sa pinakamaraming paaralan sa buong kapuluan. Magsanay at magpaunlad ng aktibistang masa para sa pambansa demokratikong pakikibaka.
6. Paigtingin at palawakin ang mga pakikibakang masa. Aktibong makipagkaisa sa mga tradisyunal na mga organisasyon ng kabataan at estudyante.
7. Tumungo, matuto at makipagkaisa sa masang manggagawa at magsasaka. Itaguyod at isulong ang pang-ekonomya't pampulitikang pakikibaka ng masang anakpawis.
8. Kumilos para sa pagbubuo at pagsusulong ng anti-imperyalistang kilusan at prente ng kabataan sa daigdig. Mag-organisa ng kabataang Pilipino at itayo ang mga balangay ng LFS sa ibang bansa.

VI. ANG BALANGAY AT ANG KASAPI (20 minuto)

Layunin:

1. Magkaroon ng pag-unawa ang kasapi sa balangay, kahalagahan, mga istruktura, mga tungkulin nito;
2. Maunawaan ng kasapi ang kanyang papel at mga tungkulin sa balangay;
3. Ang balangay o chapter ang batayang yunit ng LFS. Tinitipona ang mga kasapi nito sa mga balangay at dito ay tinitiyak ang kanilang araw-araw na paggampan ng mga gawain bilang kasapi. Maraming mga balangay ang LFS sa iba't ibang mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad sa buong bansa.

Mga tungkulin ng balangay:

1. Itaguyod at ipaglaban ang mga partikular na kahilingan, karapatan, at kagalingan ng masang estudyante, guro at kawani;
2. Tuloy-tuloy na palaganapin ang linya at programa ng Pambansang Demokrasya sa hanay ng masang estudyante sa loob at labas ng paaralan;
3. Pag-aralan ang linya at programa ng pambansa demokratikong rebolusyon, katangian ng imperyalismo at krisis nito, at siyentipikong pananaw ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Matalas na ilantad ang linyang rebisyunista at repormista;
4. Pakilusin ang kabataan at mamamayan sa paglaban sa imperyalistang pangaapi at pagsasamantala. Pamunuan ang anti-imperyalistang kilusan ng kabataan;
5. Aktibong lumahok sa mga anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang

sa lipunan.

Hindi tayo nagtatayo ng organisasyon para lang magsama-sama, magbarkadahan, magtulungan para sa mga sarili nating interes. Kailangan magkaisa at magorganisa ang mga kabataan upang ipaglaban ang kanyang mga demokratikong karapatan gampanan ang kanyang makasaysayang papel sa pagbabago ng lipunan.

Sa mga organisasyon din, kolektibong magsusuri at mag-aaral ang kabataan ng lipunan, krisis at ugat nito, at ng pagbabago ng lipunan. Ang organisasyon ng kabataan ay dapat mahigpit ang ugnay sa batayang masa, mga manggagawa at magsasaka.

II. ANG LEAGUE OF FILIPINO STUDENTS (20 minuto)

Layunin:

1. Maipakita ang pagkakaiba ng LFS sa iba pang organisasyon dahil sa pagsusulong nito ng interes ng mga estudyante, pagsisilbi sa sambayanan at paninindigan para sa Pambansang Demokrasya;
2. Mailatag ang tagumpay ng LFS at susing papel nito sa kilusan ng kabataan at mamamayan sa kasalukuyan;
3. Mailatag ang mga batayan kung bakit dapat maging kasapi ng LFS at kung bakit dapat ikarantal ng mga kasapi ang pagiging bahagi ng LFS.

Mga pamamaraan:

- Maaaring mag-imbata ng dating kasapi ng LFS na magbabahagi ng karanasan at kasaysayan ng LFS.
- Magpalabas ng mga larawan o bidyo ng mga kampanya at pakikibakang nilahukan ng LFS noong nakaraang mga dekada hanggang sa kasalukuyan.

Mula nang itatag ang LFS, naging mahalaga ang papel nito sa buong kilusang Pambansa Demokratiko para sa pagpupukaw, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa kabataang estudyante at pagbibigkis ng kanilang sektor sa malawak na batayang masa.

A. Maikling Kasaysayan

Ang LFS ay itinatag noong Setyembre 11, 1977 sa panahon ng diktaduryang Marcos bilang isang pambansang alyansa laban sa laganap na pagtaas ng matrikula at patuloy na represyon sa mga estudyante.

Mula noon maraming nakamit na tagumpay ang LFS. Mula pagrolbak ng matrikula, pagbabalik ng mga konseho, publikasyon at progresibong mga organisasyon ng mga estudyante, maging ang pagtatanggal ng presensya ng militar at pulis sa mga kampus.

Ganap na naging Pambansa Demokratikong Pangmasang Organisasyon ang LFS noong

1982 bilang pagkilala nito na hindi makakamit ang interes ng mga estudyante kung hindi ito makikiisa sa malawak na masa sa pagsusulong ng tunay na kalayaan at demokrasya.

Mula dito, lumaki at lumawak ang kasapian ng LFS at naging signipikante ang mga ambag nito sa pakikibaka para sa karapatan sa edukasyon, mga isyung pambayan at panlipunan, at pakikibaka laban sa dayuhang giyera at agresyon. Naging malaki ang papel ng LFS sa pakikibaka ng kabataan para mapatalsik ang base militar noong 1991, gayundin, malaki ang naging ambag nito sa EDSA 1 at 2 na nagpatalsik sa dalawang pahirap na pangulo.

Hanggang sa ngayon aktibo pa rin itong nangunguna sa kilusang estudyante at kabataan.

- Nakapagpunla na ito ng mga balangay sa iba't ibang paaralan sa buong bansa at maging sa ibang bansa
- Naging mapagpasya ito upang ilantad at labanan ang mga pagtaas ng matrikula sa mga pribadong paaralan at pati na rin sa State Colleges and Universities. Pinakatampok dito ang naging papel ng LFS sa pagpigil sa 525% na pagtaas ng matrikula sa Polytechnic University of the Philippines at matagumpay na refund ng matrikulang iligal na sinigil ng mga pribadong pamantasan. Hindi lamang nilabanan ng LFS ang pagtaas ng matrikula pagka't sa ilang paaralan, matagumpay pa nitong napamunuan ang pagpapababa sa mga bayaring sinisingil sa mga estudyante.
- Aktibo rin ang organisasyon sa paglalantad ng mga kontra-mamamayan at makadayuhang polisiya't programa ng reaksyunaryong gobyerno, at ang pagtutol sa mga bangkarote nitong proyekto tulad ng ZTE-NBN, CyberEd, atbp.
- Sa ngayon, daan-daan ang kasapian nito sa hayskul at sa iba't ibang paaralan sa buong kapuluan.

Kaiba sa ibang organisasyon, ang LFS ay hindi lamang nagtitipon para sa sariling interes at kapakinabangan ng mga miyembro nito. Ang mga kasapi ng LFS ay sama-samang kumikilos upang magsilbi sa kolektibong interes ng estudyante't kabataan para sa karapatan sa edukasyon at para sa interes ng sambayanan. Gayundin, nag-aambag ito sa makabuluhang pagbabagong panlipunan.

Kinikilala nito na kailangang makipagkaisa ang kabataan sa iba pang sektor ng lipunan dahil ang interes ng estudyante ay hindi hiwalay sa interes nila.

Nakikiisa ito sa laban ng manggagawa para sa sapat na sahod, trabaho, at benepisyo; nakikipamuhay sa mga magsasaka upang malaman ang kanilang kalagayan at nagpupunta sa mga komunidad upang mapalalim ang pag-unawa nito sa mga karaingan ng mamamayan doon.

Usapang Pangkapayapaan

Bilang pagkatawan sa mga rebolusyunaryong pwersa at sa sambayanan, ang National Democratic Front of the Philippines ay nakapaloob sa isang negosasyong pangkapayapaan sa Government of the Republic of the Philippines. Ito ay isang porma ng pakikibaka kung saan ang mga rebolusyonaryong pwersa ay makakapaglinaw ng mga isyu at makakapagproklama ng mga demanda ng sambayanan kahit na hindi ito tumungo sa anumang batayang reporma o sa isang tigil-putukan at alyansa ng GRP at NDFP laban sa isang komon na kaaway.

Halalan ng Reaksyunaryong Gobyerno

Ang mga patriyotiko at progresibong partido ay lumalaban para sa mga posisyong ihinalal sa reaksyunaryong gobyerno. Pero kinakaya lamang nilang makakuha ng ilang pwesto dahil may daya ang mga baraha laban sa kanila. Ang mga reaksyunaryo ang may kontrol ng mga panuntunan, ang mga mapanupil na aparato, ang midya, pinansya at iba pang aspekto ng prosesong pang-eleksyon. Sa pamamagitan ng mas matinding pagsisikap at suportang popular, ang mga patriyotiko at progresibong partido ay maaaring magkamit ng mas maraming pwesto. Pero hindi sila kailanman makakakuha ng sapat na pwesto na magbibigay sa kanila ng kakayahang baguhin ang naghaharing sistema dahil ang mga naghaharing reaksyunaryo ay palaging handang tumugon nang marahas sa anumang banta sa kanilang kapangyarihang pampulitika.

Tiyaking mahigpit na unawa ng mga kasapi ang pambansang demokrasya na may sosyalistang perspektiba bago umusad. Magbukas sa mga tanong, bukas na talakayan atbp. enganyuhin din ang mga mag-aaral na kumuha ng MKLRP upang mapalalim pa ang kaalaman tungkol sa lipunan at rebolusyon.

Pangkalahatang Tungkulin at Oryentasyon ng LFS

Para maisulong ito, tungkulin nating **pukawin, organisahin, pakilusin** ang libo libong kabataan at estudyante para sa pagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain ng kabataang estudyante at sambayanan. Mahigpit na sumanib at makiisa sa kilusan ng masang manggagawa at magsasaka.

1. Magpropaganda para sa linya, programa at panawagan ng pambansangdemokrasya. Labanan ang opensibang propaganda ng imperyalismo. Psywar ng rehimeng US-Macapagal Arroyo at mga kontra rebolusyonaryong taksil. Puspusing ilantad, ihiwalay at itakwil ang mga rebisyunista lalung-lalo na ang mga nagpapanggap na nagsusulong ng Pambansang Demokrasya, gayundin ang mga makinaryang pang-psy war ng estado.
2. Itaas ang pambansa demokratikong kamalayan ng mga kasapi ng LFS. Itaas ang kamulang panlipunan ng mga kabataang estudyante.
3. Sumuporta at aktibong lumahok sa mga anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Itaguyod at itaas ang militansya; ilantad at labanan ang repormismo.

tipo ng oportunismo at magkamit ng tagumpay sa isang kilusang pagwawasto. Kinaya nilang labanan ang imperyalistang ideolohikal at pulitikal na opensiba pagkatapos ng pagbagsak ng mga rebisyunistang rehimen. Kinaya nilang punahin at kondenahin ang rebisyunistang pagtataksil at neo-kolonyal na pagbansot. Nakatindig sila nang matatag at militante laban sa globalisasyong “malayang pamilihan” at sa pandaigdigang teroristang kampanya ng US.

Ang kabataang Pilipino ngayon ay nakikiisa, sumusuporta, at aktibong lumalahok sa iba’t ibang porma at larangan ng pakikibaka upang maisulong at maipagtagumpay ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Ligal na Pakikibakang Masa

Ang pang-araw-araw na ligal na pakikibakang masa sa mga batayan at matagalang isyu gayundin sa mga maiinit na napapanahong isyu ay naglilingkod para pag-aralin at sanayin ang malawak na masa ng sambayanan. Ang mga isyu ay nagiging mas malinaw at ang mga demanda ay naiaangat. Mahusay kapag ang mga aksyon ng mga patriyotiko at progresibong ligal na pwersa ay magdudulot ng pagtulak sa reaksyunaryong estado na magsagawa ng mga partikular na reporma. Ang pagpupumilit ng mga reaksyunaryo na sawatain ang mga demanda ng sambayanan para sa batayang reporma ay nagtutulak sa sambayanan na maglunsad ng armadong pakikibaka.

Armadong Pakikibaka

Paparaming bilang ng kabataan ang tumutungo sa kanayunan para sumali sa Bagong Hukbong Bayan o NPA at kumilos sa hanay ng masang magsasaka. Lumalahok sila sa iba’t ibang linya ng gawain sa hukbong bayan, katulad ng gawaing pang-edukasyon at pangkultura, produksyon, at militar na pagsasanay at pakikipaglaban. Naglulunsad sila ng panlipunang pagsisiyasat at gawaing masa. Tumutulong silang magbuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa at sumusuong sa reporma sa lupa at iba pang kampanyang masa.

Nakikibahagi sila sa paalun-along pagsulong ng armadong rebolusyon. Kasalukuyan silang nagtatayo ng bagong demokratikong sistema sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Kaya wastong sabihing mayroong isang demokratikong gobyernong bayan na ngayon ay umiiral sa kanayunan kahit pa ang reaksyunaryong gobyerno ay gumagana mula sa Maynila at iba pang lungsod. Ang sambayanan ay naghahanda ng ultimong pambansang tagumpay ng rebolusyon.

Ang rebolusyon ay hindi lamang may porma ng armadong pakikibaka bagamat ito ang prinsipal at mapagpasyang porma ng pakikibaka para sa pagwasak sa kapangyarihang pampulitika ng mga mapang-api at sa pagtatayo ng bagong demokratikong kapangyarihan ng mga manggagawa at magsasaka. Ang ugnayan ng armado at ligal na mga porma ng pakikibaka ay nagsusulong sa rebolusyonaryong mithiin sa paraang lahatang-panig.

Kaya naman, hindi matatawaran ang prestihiyo ng LFS at mga ambag nito sa lipunan. Karamihan ng mga mahuhusay at matatatag na mga aktibista ng kilusan ay naging kasapi ng LFS.

Dahil sa tatag, husay at prestihiyo, target ang LFS ng matinding kampanyang redbaiting, blackpropaganda at represyon ng gobyerno at militar. Sina Cris Hugo, Rei Mon “Ambo” Guran at Farley Alcantara II, mga kasapi ng LFS sa Bicol ang pinakahuli sa humahabang listahan ng mga martir ng kilusang kabataan at estudyante na walang-awang pinaslang ng militar. Hindi kailanman matatawaran ang kanilang sakripisyo para maisulong ang interes ng kabataan at mamamayan. Ang kanilang kamatayan ay inspirasyon upang lalo pang salagin ang hagupit ng tumitinding krisis sa bansa.

Sa kabila ng matinding panunupil, ang LFS ay isa sa pinakamalakas, pinakamalawak at pinakamatatag na organisasyon ng kabataang estudyante sa bansa ngayon. Matatagpuan ito sa mga paaralan, unibersidad, mga kolehiyo at maging sa mga hayskul.

Nagpapatatag dito ang mahigpit na kaisahan ng mga kasapi sa prinsipyo at panindigan sa pambansang demokrasya. Tangan nito ang pinakamatalas na linya at pagsusuri sa mga batayang isyu hanggang sa kalagayan ng lipunan at solusyon sa krisis. Ito ay dahil sa ang mga balangay nito ay puspusan at seryosong nagsusuri, nag-aaral at nagtatalakay ng lipunan at rebolusyong Pilipino.

III. MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL ANG LIPUNANG PILIPINO (45 minuto)

Layunin:

1. Maunawaan ng mga kasapi ang krisis at kahirapang dulot ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.
2. Maunawaan ang Imperyalismo, Burukrata Kapitalismo at Pyudalismo bilang ugat ng kahirapan sa lipunan.
3. Mailinaw ang epekto nito sa kabataan at ang pangangailangang kumilos.

Sa bahaging ito, mainam na gawing sanggunian ang LRP o MKLRP. Kailangang matiyak na maging simple at akma sa kahandaan at kamulatan ng mga tinatalakayan ang mga prinsipyo’t pagsusuring inilalatag. Dapat hindi masyadong lumawig ang talakayan bagkus ay hikayatin ang mga tinatalakayan na kumuha ng iba pang mga pag-aaral.

A. Mayaman ang Pilipinas ngunit mahirap ang sambayanang Pilipino

Kung ang mamamayang Pilipino mismo ang gagamit at liliinang sa likas na yaman ng Pilipinas para sa sariling pakinabang, sobra-sobra pa ito para sustinihin ang populasyong makailang beses ang laki kaysa ngayon.

Gayunman, ang mamamayang Pilipino ay pinipigilan ng imperyalismo, katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo na gamitin ang likas na yaman ng bansa para sa sarili nitong bentahe. Sa ngayon, ang likas na yaman ito ay nililintang ng imperyalismo at lahat ng alipores nito para sa sarili nilang ganansya at ayon sa makikitid nilang pakana na nakakapinsala sa masang anakpawis.

Mungkahing aktibidad: Larawan

Maghanda ng mga ginupit na larawan ng iba't ibang uri sa lipunan, maaring lagyan ito ng teksto kung magkano ang kinikita ng isa sa bawat araw. Ipamahagi ito sa mga kasapi. Bawat kasapi ay may hawak na larawan na kumakatawan sa isang uri. Ipasuri ito sa kanila at isa-isang iulat ng bawat kasapi ang kanyang pagkakakilala sa larawan. Ilan sa mga tanong na maaaring sagutin ang mga sumusunod: Sino ang nasa larawan? Ano ang pag-aari niya na kagamitan sa produksyon? Ano ang kanyang inilalahok sa produksyon o trabaho? Saan nagmumula ang kanyang kinikita sa araw-araw? Anong klaseng buhay ang mayroon siya?

Mula dito, maaring simulan ang pagtatalakay ng tatsulok, ang iba't ibang uri sa lipunang Pilipino. Ang mga nagsasamantala at ang malawak na pinagsasamantalahan.

Ilang Nagsasamantala

Kontrolado ng imperyalistang US at kasabwat na naghaharing uri na Malaking Burgesya Komprador at Panginoong May-lupa ang yaman ng bansa. Binubuo nila ang 1% ng populasyon ng Pilipinas.

Malaking Burgesya Komprador

- Ahente ng imperyalismong US sa kalakalan, bangko at industriya sa Pilipinas;
- Limpak-limpak ang kinikita mula sa pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa mga imperyalistang bansa at pagsasamantala sa manggagawa.

Hal. Marcos, Soriano, Ayala-Zobel, Aboitiz, Tan, Cojuangco, Sy, Concepcion, Ramos, Enrile.

Panginoong May-lupa

- May-ari ng hindi bababa sa 50 hektarya;
- Hindi lumalahok sa produksyon at yumayaman sa pangangikil ng mataas na upa sa lupa, buwis, interes sa usura at pangangamkam ng lupa. Binabarat din nila ang sahod ng manggagawang-bukid.

Hal. Marcos, Enrile, Cojuangco, Aquino, De Venecia, Yulo, Ayala-Zobel, Dy, Elizalde, Pelaez at Lobregat.

demokrasya at programa nito bilang solusyon sa malakolonyal at malapyudal na lipunan;

2. Maipakita ang tungkulin at papel ng LFS sa pagsusulong nito.

Bilang katugunan sa krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, kailangang ibagsak ang imperyalismo, burukrata kapitalismo, at pyudalismo sa pamamagitan ng paglulunsad ng pambansa demokratikong pakikibaka.

Layon nitong:

- Lansagin ang naghaharing sistema at makibaka laban sa lahat ng reaksyunaryo at maka-imperyalista at pasistang pwersa;
- Tapusin ang imperyalistang dominasyon at magkaroon ng pambansang soberensya at kalayaan;
- Tugunan ang atrasadong ekonomiya sa pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo na nakatuon sa pamamahagi ng lupa sa magsasaka at pagkakaroon ng pambansang industrialisasyon;
- Isulong ang pambansa, demokratiko at maka-masang kultura.

Sa pagkukumpleto nito, magsisimula ang konstruksyon at rebolusyong sosyalista. Gaya ng paglansag sa naghaharing sistema, papakilusin ang malawak na masa at maralita para sa pagtatatag ng isang lipunan na walang pagsasamantala, isang lipunan kung saan ang mamamayan ang may kontrol sa buong lipunan, kung saan sila ang magiging mapagpasya at siyang makikinabang sa yaman ng bansa.

Kasama ang sambayanan sa pamumuno ng uring manggagawa at kasama ang uring magsasaka bilang pangunahing pwersa, dapat pandayin ng kabataang Pilipino ang sarili nilang kinabukasan sa pamamagitan ng rebolusyunaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa imperyalismong US at mga lokal na nagsasamantalang uri ng malaking komprador at mga panginoong maylupa.

Kailangang pagsikapan ng kabataan ang pagkumpleto sa bagong demokratikong yugto ng rebolusyong Pilipino. Sa batayang pagkumpleto sa yugtong ito sa pamamagitan ng pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika, maaari nang simulan ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Ang demokratikong gobyernong bayan ng mga manggagawa at magsasaka ang direktang kapalit ng anti-nasyunal at anti-demokratikong gobyerno ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa na sunud-sunuran sa imperyalismong US. Ito ang landas patungong sosyalismo.

Sa ganitong klase ng lipunan, matatamasa ng kabataang Pilipino ang kaunlaran sa ekonomya, pulitika at kultura, at maiaambag nila nang lubusan ang kanilang kakayahan at kasigasigan para sa bayan.

Sa pagsusuri sa kasalukuyang lakas at hinaharap ng rebolusyunaryong pwersa ng sambayananang Pilipino, kailangang kilalanin na kinaya nilang gapiin ang mga mayor na

mga interes ng mga dayuhan at katutubong mapagsamantala at supilin ang determinadong paglaban ng rebolusyonaryong masa. Itinayo ang mga ito para maging mga papet na administrador ng imperyalismong EU ayon sa patakaran “sanayin na mamahala sa sarili;”

- Mas gusto pa ng mga burukrata kapitalista na ibulsa ang nananakaw nila sa gobyerno at manghingi ng konsesyon sa kanilang mga among dayuhan at pyudal kaysa ipaglaban ang pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Walang saysay at mali na asahang babaguhin nila ang malakolonyal at malapyudal na mga saligang patakaran ng reaksyonaryong papet na gobyerno;
- Ang karaniwang ginagawa ng mga bulok na opisyal na ito ng gobyerno ay gumamit ng kontrarebolusyonaryong dalawahang taktika para lokohin ang mamamayan at mas mahusay na pagsilbihan ang mga naghaharing uri. Ipinoproklama nila ang sarili na mga “populista”, “makabayan”, “demokrata” o “sosyalista” pa nga, at kaya rin nilang magnakaw ng mga kataga sa rebolusyonaryong kilusang masa;
- Pero hindang-hindi sila nag-aatubiling maging lantarang pasista at gumamit ng pwersang militar para supilin ang rebolusyonaryong masa. Sila ang mga katiwala ng reaksyonaryong estado, na instrumento sa pamimilit sa malawak na masa ng mamamayan. Ang burukrata kapitalismo ang batayang panlipunan ng pasismo.

E. Kalagayan ng kabataan at tungkulin nito

Malinaw na sa ilalim ng ganitong kalagayan, walang kinabukasang maaasahan ang kabataan. Ipinagkakait sa kalakhan ng mga kabataan ang karapatan sa edukasyon, sinasamantala ang lakas at talino para sa pakinabang ng monopolyo kapital at mga naghahari sa lipunan, at sinusupil ang kanilang demokratikong mga karapatan.

Walang ibang landas na dapat bagtasin ang mga kabataan kundi ang landas ng paglaban at pagbabagong panlipunan. Dapat tanganan ng mga kabataan bilang inspirasyon ang mga pakikibakang tinanganan at magiting na sinuong ng mga naunang henerasyon. Kailangang pukawin, organisahin at pakilusin ang laksang bilang ng mga kabataan para sa kanilang mga batayang interes at sumanib sa pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanan.

Maaaring magkaroon ng bukas na talakayan at break pagkatapos nito.

IV. ANG PAMBANSA DEMOKRATIKONG PAKIKIBAKA AT PROGRAMA (45min)

Layunin:

1. Magkaroon ng panimulang pag-unawa ang mga kasapi sa pambansang

Malawak na Sambayanang Pinagsasamantalahan

Pambansang Burgesyia

- Bumubuo sa 1% ng populasyon;
- May-ari ng pagawaan sa industriyang gumagawa ng produktong pangkonsumo;
- Hindi lumalahok sa produksyon pero tuwirang nangangasiwa sa kanilang negosyo at kumikita sa pagsasamantala sa mga manggagawa;
- Laging nangananib na malugi dahil sa pagdagsa ng dayuhang kalakal sa bansa.

Hal. may-ari ng Sarao, marikina shoes.

Peti-burgesyia

- Bumubuo sa 8% ng populasyon ng bansa;
- May-ari ng maliit na kapital at may natatanging kasanayan na ginagamit upang kumita;
- Lumalahok sa produksyon at pinakikinabangan ng dayuhan ang kanilang natatanging kasanayan;
- Nanganganib na bumaba sa uring manggagawa dahil sa labis na krisis ng lipunan;
- Kabilang dito ang mga propesyunal, doktor, nars, guro, estudyante at ibang kawani ng gobyerno.

Manggagawa

- Bumubuo sa 15% ng populasyon ng bansa;
- Walang pagmamay-aring kagamitan sa produksyon; sila ang gumagawa ng produktong pinagtutubuan ng malaki ng mga kapitalista;
- Nakakaranas ng di sapat na sahod, kawalan ng benepisyo at kawalan ng kasiguraduhan sa trabaho.

Magsasaka

- Bumubuo sa 75% ng lipunan;
- Laganap ang kawalan ng sariling lupang sakahan. Walo sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupa;
- Nakikisaka o napipilitang magbenta ng lakas-paggawa sa panginoong maylupa;
- Pinagsasamantalahan sa mga pamamaraang: di patas na hatian sa ani, mataas na interes sa usura, sobrang patong sa mga binhi, pestisidyo at abono, pagbabarat sa presyo ng ani.

B. Ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo

ang ugat ng kahirapan ng sambayanang Pilipino

Ang Pilipinas ay kontrolado ng US. Kasabwat nito ang lokal na mga naghaharing uri—ang malaking burgesya komprador at uring panginoong maylupa. Kinakatawan ng mga ito ang tatlong salot sa lipunan: ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Imperyalismo

- Ang monopolyong yugto ng kapitalismo kung saan batbat ito ng krisis ng sobrasobrang produkto;
- Para maibsan ang krisis na ito, kailangan nitong kontrolin ang ekonomiya, pulitika, kultura at uganayang panlabas ng ibang bansa. Ito ang magsisiguro ng paghuthot ng yaman mula sa bansang sakop;
- Pinagsasamantalahan tayo ng imperyalismong US sa pamamagitan ng kolonyal na kalakalan, tuwirang pamumuhunan at pagpapautang.

Pyudalismo

- Ang atrasado, maliitan at hiwahiwalay na sistema ng produksyon kung saan ang lupain ay kontrolado ng iilang panginoong may-lupa;
- Hindi pantay ang relasyon ng PML at magsasaka;
- Laganap ang pagsasamantalang pyudal sa hatian sa ani, usura, mababang sahod, pang-aalila, at pangangamkam ng lupa;
- Pinapanatili nitong nakaasa ang ekonomiya ng bansa sa dayuhang mga kalakal.

Burukrata Kapitalismo

- Pagpapatakbo ng gubyerno na parang negosyo;
- Ang gobyerno ay kinatawan ng imperyalismong US at naghaharing-uri at hindi nagsisilbi sa mamamayan;
- Nagiging instrumento upang linlangin at supilin ang mamamayan sa pamamagitan ng mga batas at armadong pwersa;
- Nagpapanatili sa bulok na sistema ng gubyerno;
- Batayang panlipunan ng pasismo.

Nagsasabwatan ang tatlong ito upang mapanatili ang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

C. Ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino

Malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino ngayon. Ang katayuang ito ay itinatakda ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukrata kapitalismo na ngayo'y walang-awang nagsasamantala sa malawak na masa ng mamamayang Pilipino.

Malakolonyal na katangian ng lipunang Pilipino

- Pangunahing itinatakda ng imperyalismong EU. Kahit sinasabi ng mga reaksyunaryo na malaya at independyente na ang Pilipinas, hindi ito ganap;
- Ang totoo ay patuloy na nilalabag ng imperyalismong EU ang pambansang soberanya sa pangalan at pagkaraang ibigay ito, sinigurado ng imperyalismong EU na patuloy nitong kokontrolin ang ekonomiya, pulitika, kultura, militar at ugnayang panlabas ng Pilipinas;
- Kahit may ilusyon ngayon na nagpapasya sa sarili ang kasalukuyang gobyerno, ang mga saligang patakaran nito at ang eleksyon at pagnonombra ng pinakamatataas na opisyal ay pangunahing itinatakda ng imperyalismong EU;
- Ang kontrol sa ekonomiya at mga empresa ng EU sa Pilipinas at pati ang malalaking base militar ang pinakamalinaw na ebidensya na kolonya pa rin ng EU ang Pilipinas.

Malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino

- Pangunahing itinatakda ng pagkakapasok ng monopolyong kapitalismo ng EU sa lumang pyudal na paraan ng produksyon, at ng pagkakapailalim ng sistemang ito sa monopolyong kapitalismo ng EU. Ang kongkretong resulta ng pagkakasanib ng dayuhang monopolyong kapitalismo at katutubong pyudalismo ay ang pagka-agnas at pagkalusaw ng natural na ekonomyang nakakasapat sa sarili, na naging ekonomyang pangkalakal;
- Ang pyudalismo ay pinasisigla at pinananatili ng imperyalismong EU para mapamalaging naghihirap ang malawak na masa ng mamamayan, supilin ang pinakamalaking uri, ang uring magsasaka, at manipulahin ang atrasadong kalagayan ng bayan nang sa gayo'y makakuha rito ng murang lakas paggawa at hilaw na materyales;
- Sa ganitong pakahulugan sinasabi na batayang panlipunan ng imperyalismong EU ang pananatili ng pagsasamantala ng mga panginoong maylupa. Kailangan ang rebolusyong agraryo para mawasak ang ugnayan ng imperyalismong EU at pyudalismo at alisan ng batayang panlipunan ang imperyalismong EU.

Malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino dahil na-iimpluwensyahan at umaasa sa isa't isa ang imperyalismong EU at pyudalismo. Hindi talaga interesado ang imperyalismong EU na paunlarin ang ekonomyang kolonyal at agraryo para maging tunay itong independyente at umaasa-sa-sarili.

D. Bulok at reaksyunaryong estado

Ang mga pundamental na problema ng sambayanan ay hindi maaasahang lutasin ng kasalukuyang reaksyunaryong estado dahil:

- Unang-una, likha at papet na instrumento ito ng imperyalismong EU at pyudalismo;
- Ang burukrata kapitalismo mismo ay bukod pang kasamaang nagpapahirap sa buong bansa. Ginagampanan nito ang ispesyal na papel na pag-ugnayin ang